

QC hall employees bibigyan ng customer service training ni Joy B

Bilang bahagi ng plano niyang mapabuti ang serbisyo sa Quezon City Hall, bibigyan ng training ni QC Vice Mayor Joy Belmonte ang mga tauhan ng lokal na pamahalaan upang higit na mapahusay ang pagkaka-loob ng serbisyo sa publiko.

"Plano kong isama ito sa layunin natin na mapaganda ang serbisyo sa city hall. Iti-train natin lahat ng mga kawani ng munisipyo na humaharap sa taumbayan upang maayos at mapaganda ang karanasan ng mga tao tuwing may kailangan sila, pahayag ni Belmonte.

Anyang, kinikilala niya ang pagseserbisyo ng mga tauhan ng Quezon City hall pero upang mapaganda pa ang pagseserbisyo sa mamamayan ay kailangang bigyan ng training ang mga ito.

Binanggit din Belmonte ang kanyang plataporma na gawing moderno ang mga serbisyo sa city hall sa pamamagitan ng teknolohiya kung saan automated ang proseso ng pagkuha ng dokumento at accessible na rin maging sa mga smartphone.

Pangako rin ni Belmonte na ilalapit ang mga serbisyo ng lokal na pamahalaan sa mamamayan ng lunsod upang hindi na gumastos pa ng pamasaha at mag-aksaya ng oras papuntang city hall.

"Gusto kong bigyan ng

halaga ang oras ng mga mamamayan natin. Sa ginagastos nila na pamasaha na isang punta lang nila sa city hall, makukuha na dapat nila kaagad ang serbisyong pinunta nila. The people deserve that," sabi pa ni Belmonte. *(Angie Dela Cruz)*